TRUCKING INDUSTRY SAFETY

# Kapag Nagsasagawa ng Inspeksyon para sa Kaligtasan... Dapat Ninyong Gawin Ito nang Ligtas!

*Isinasagawa ang mga inspeksyon para mapanatiling ligtas ang mga manggagawa. Ang isang gawain sa trabaho kung saan madalas ay kaunti o walang pagsusuri ng mga panganib ay sa oras mismo ng pag-iinspeksyon ng trabaho. Gumawa ba kayo ng pagsusuri ng panganib sa trabaho para sa pagsasagawa ng mga pagsusuri ng panganib sa trabaho?*

Isinasagawa ang mga inspeksyon para mapanatiling ligtas ang mga manggagawa. Sa pagtukoy ng mga panganib na maaaring makita sa mga gawain at kapaligiran, maaaring magpatupad ang mga employer ng mga kontrol na pipigil sa mga insidente na mangyari. Ito ay kinakailangang proseso na mahalaga sa lahat ng ligtas na trabaho.

Ang isang gawain sa trabaho kung saan madalas ay kaunti o walang pagsusuri ng mga panganib ay sa oras mismo ng pag-iinspeksyon ng trabaho. Gumawa ba kayo ng pagsusuri ng panganib sa trabaho para sa pagsasagawa ng mga pagsusuri ng panganib sa trabaho? Kung hindi pa, ano ang katuturan sa pagsubok na tukuyin ang mga posibleng panganib sa oras ng inspeksyon kung inilalagay sa panganib ang taong gagawa nito? Dahil kailangang magsagawa ng mga inspeksyon ang milyun-milyong driver ng truck bago at pagkatapos ang biyahe sa buong Hilagang Amerika, ang pangangailangan para mapanatiling ligtas ang mga manggagawang ito sa mga inspeksyon ay palaging kasama sa ating industriya.

Tandaan, hindi lang mga driver ang kailangang magsagawa ng mga inspeksyon. Mayroon ding legal na responsibilidad ang mga miyembro at kinatawan ng komite sa kalusugan at kaligtasan na magsagawa ng mga regular na inspeksyon ng trabaho. Tototoo ito sa parehong panlalawigan (Seksyon 40(10)(h) ng Workplace Safety and Health Act [Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho]) at pampederal na (Seksyon 135(7)(e) ng CLC) lehislasyon.



Gaya ng anumang gawaing isinasagawa sa trabaho, ang unang hakbang sa pagtiyak ng kaligtasan ay tukuyin kung anong mga panganib ang mayroon. Ang prosesong ito ay kilala bilang pagsasagawa ng pag-assess ng panganib. Bagaman maaaring mag-iba ang mga partikular na panganib sa bawat trabaho, narito ang ilang karaniwang isyu na dapat subaybayan:

- Ang madudulas na ibabaw ay isa sa nangungunang dahilan ng nawalang oras dahil sa mga pinsala para sa mga manggagawa sa industriya ng transportasyon. Kung maaari, tiyaking nilagyan ng buhangin ang lugar para sa inspeksyon. Kung hindi ito magagawa, tiyaking may suot na tamang sapatos at maglakad gamit ang maiikling hakbang.
- Kung maaari, palaging magsagawa ng mga inspeksyon sa mga sitwasyon kung saan maraming ilaw. Binabawasan nito ang panganib na madapa at posibleng hindi makita ang mga panganib na maaaring hindi mapansin. Kung saan hindi ito magagawa, tulad ng pagsasagawa ng maagang biyahe sa gabi, tiyaking mayroong flashlight para ilawan ang lugar.
- Kapag isinagawa ang mga inspeksyon sa mataas na lugar, mahalagang sundin ang naaangkop na pamamaraan ng pagtatrabaho sa matataas na lugar. Kung wala kayong pamamaraan ng pagtatrabaho sa matataas na lugar, kontakin ang iyong RPM advisor para malaman kung makakatulong kaming gumawa nito. Palaging magpanatili ng inyong tatlong points of contact kapag bumababa mula sa mataas.
- Ang pagsasagawa ng inspeksyon bago o pagkatapos ng biyahe ay nangangailangan ng pagiging kabilang sa iba't ibang alanganing posisyon na maaaring humantong sa mga karamdaman ng kalamnan at buto. Tandaan ang mga panganib na kabilang sa paulit-ulit na pagbaluktot, pagyuko, o pagbubuhat at tingnan kung ano ang magagawa para makontrol ang mga ergonomikong panganib na partikular sa inyong inspeksyon bago o pagkatapos ng biyahe.
- Masuot ng damit na angkop sa temperatura kapag nag-iinspeksyon sa labas. Ang mga warm na guwantes ay mahalagang tampok ng anumang trabaho sa labas. Tandaan, maaaring magkaroon ng frostbite sa loob ng ilang minuto kapag nakalantad ang balat.


RISK. **PROFESSIONALLY** MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

RPM
TRUCKING INDUSTRY SAFETY

# Kapag Nagsasagawa ng Inspeksyon para sa Kaligtasan… Dapat Ninyong Gawin Ito nang Ligtas!

*Isinasagawa ang mga inspeksyon para mapanatiling ligtas ang mga manggagawa. Ang isang gawain sa trabaho kung saan madalas ay kaunti o walang pagsusuri ng mga panganib ay sa oras mismo ng pag-iinspeksyon ng trabaho. Gumawa ba kayo ng pagsusuri ng panganib sa trabaho para sa pagsasagawa ng mga pagsusuri ng panganib sa trabaho?*

Ang mga nagsasagawa ng inspeksyon ay dapat tiyaking may suot silang naaangkop na PPE na aprubado ng CSA para sa kanilang magiging kapaligiran. Kung kailangan itong suotin ng mga manggagawa, kailangan din ito ng mga inspektor. Kasama rito ang damit para madaling makita, mga salamin na pamprotekta, proteksyon sa tainga at steel-toed na sapatos.

## *Higit pang dapat basahin at mga mapagkukunan:*

[Mga Inspeksyon sa Trabaho (Workplace Inspections)] (CCOHS)
[Limang Paraan para Gawing Mahusay ang Iyong Inspeksyon sa Trabaho (Five Ways to Make Your Workplace Inspection Effective)] (Ang Tagasiyasat)
[Mga Karamdaman sa Kalamnan at Buto na May Kaugnayan sa Trabaho (Work-related Musculoskeletal Disorders)] (CCOHS)
[Ano ang mga ergonomikong pinsala (What are ergonomic injuries)?] (Safeopedia)
[Mga Mapagkukunan sa MB para sa SAFE na Trabaho kaugnay sa Mga Pagkadulas, Pagkadapa at Pagkahulog o Pagtumba (SAFE Work MB Resources on Slips, Trips and Falls)]

## *Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!*

Ang mga gustong malaman pa ang tungkol sa kanilang mga tungkulin bilang mga miyembro o kinatawan ng komite, o para matugunan ang kinakailangan sa kanilang taunang pagsasanay, ay dapat magparehistro sa Health and Safety Committee (Komite sa Kalusugan at Kaligtasan) ng RPM o mga kurso para sa Safety & Health Representative (Kinatawang Kaligtasan at Kalusugan). Mahahanap ang mga petsa ng kurso sa page ng kalendaryo ng aming website.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro sa RPM lang. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.









